# MGA KARAPATAN NG EMPLEYADO

## BAYAD NA SICK LEAVE AT PINALAWAK NA FAMILY AT MEDICAL LEAVE MULA SA FAMILIES FIRST CORONAVIRUS RESPONSE ACT (PAMILYA MUNA TUGON SA CORONAVIRUS)

Ang Batas na Pamilya Muna Tugon Sa Coronavirus **Families First Coronavirus Response Act (FFCRA or Batas)** ay kinakailangan sa ilang mga employer na magbigay sa kanilang empleyado nang bayad na sick leave at pinalawak na family at medical leave para sa mga partikular na kadahilanan na may kaugnayan sa COVID-19. Ang mga probisyong ito ay nalalapat mula Abril 1, 2020 hanggang Disyembre 31, 2020.

### ▸ MGA KARAPATAN SA PAID LEAVE

**Sa pangkalahatan, ang mga employer na nasasakop sa ilalim ng Batas ay dapat magbigay sa kanilang mga empleyado ng:**

Hanggang dalawang linggong (80 oras, o para sa part-time na empleyado, katumbas ng dalawang linggo) bayad na sick leave batay sa pinakamataas na karaniwang sahod, o naaangkop na minimum wage ng estado o Pederal, na binabayaran sa:

- 100% na kwalipikadong dahilan #1-3 sa ibaba, hanggang $511 bawat araw at $5,110 na kabuuan;
- ⅔ na kwalipikadong dahilan #4 at 6 sa ibaba, hanggang $200 bawat araw at $2,000 na kabuuan; at
- Hanggang 12 linggong bayad na sick leave at expanded family at medical na leave na binabayaran sa ⅔ nang kwalipikadong dahilan #5 sa ibaba hanggang $200 bawat araw at $12,000 na kabuuan.

Ang part-time na empleyado ay may karapat-dapat sa leave bilang ng karaniwang oras na nagtatrabaho ang empleyado sa panahong iyon.

### ▸ KARAPAT-DAPAT NA MGA EMPLEYADO

Sa pangkalahatan, ang mga empleyado ng pribadong sektor na mayroong mababa sa 500 empleyado, at ilang pampublikong sektor, ay karapat-dapat sa hanggang dalawang linggong buo o partial sa bayad na sick leave sa kadahilanang may kaugnayan sa COVID-19 (tingnan sa ibaba). *Ang mga empleyado na nakasimulang magtrabaho sa employer nang hindi bababa sa 30 araw* bago ang kanilang hiling na leave ay karapat-dapat sa karagdagan na hanggang 10 linggong partial na bayad sa pinalawak na family at medical leave sa kadahilanan #5 sa ibaba.

### ▸ KWALIPIKADONG DAHILAN PARA SA LEAVE NA MAY KAUGNAYAN SA COVID-19

May karapatan ang empleyado sa leave na may kaugnayan sa COVID-19 kung hindi makakapagtrabaho ang empleyado, kabilang na hindi makapagtrabaho sa **telework**, dahil ang empleyado ay:

1. Ay napapailalim sa Pederal, Estado, o lokal na quarantine o pag-hihiwalay na utos na may kaugnayan sa COVID-19;
2. Ay napayuhan ng tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan na mag-self-quarantine na may kaugnayan sa COVID-19;
3. Ay nakakaranas ng mga sintomas ng COVID-19 at naghahanap ng medikal na dyagnosis;
4. Ay may aalagang indibidwal na sakop sa utos na inilarawan sa (1) o self-quarantine tulad ng inilarawan sa (2);
5. Ay may kailangang aalagan na anak kung saan ang paaralan o lugar ng pangangalaga ay sarado (o hindi makakuha ng tagabigay ng pangangalaga sa mga bata) dahilan sa may kaugnayan sa COVID-19; o
6. Ay nakararanas ng iba pang katumbas na katulad na kondisyon na tinukoy ng Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyo sa Tao ng Estados Unidos (U.S. Dept. of Health and Human Services).

### ▸ PAGPAPATUPAD

Kagawaran ng Labor na Wage and Hour Division (WHD) ng Estados Unidos ay may karapatan na siyasatin at ipatupad ang pagsunod sa FFCRA. Hindi maaaring tanggalin, disiplinahin ng employer, o diskriminahin sa sinumang empleyado na ayon sa batas ay tumatanggap ng suweldo sa sick leave o pinalawak na family at medical leave mula sa FFCRA, maghain ng reklamo, o magsimula ng paglilitis sa ilalim ng o may kaugnayan sa Batas na ito. Ang mga employer na lalabag sa mga probisyong FFCRA ay mapapailalim sa mga multa at pagpapatupad ng WHD

**WAGE AND HOUR DIVISION**
KAGAWARAN NG PAGTATRABAHO NG ESTADOS UNIDOS

Para sa karagdagang impormasyon o para magsampa ng reklamo:
**1-866-487-9243**
TTY: 1-877-889-5627
**dol.gov/agencies/whd**

WH1422 TAG REV 04/20